REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 89-123**

**KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA ANG PANUKALANG PROYEKTONG PANGKABUHAYAN NA NAGLALAAN NG HALAGANG SAMPUNG LIBO APAT NA RAAN AT TATLONG PISO (₱10,403.00) BAWAT ISANG BAKLAD (FISH CORRAL) SA LAWA NG LAGUNA NA NASASAKUPAN NG BAYAN NG MUNTINLUPA AT ANG PAGKAKALOOB NITO SA DALAWANG DAAN AT TATLUMPU (230) MGA KARAPAT-DAPAT NA MAGBABAKLAD NA NASALANTA NG NAGDAANG BAGYONG "SALING" NOONG OKTUBRE 11, 1989 AT ANG TINATAYANG KABUUANG HALAGA NA MAGAGAMIT AY DALAWANG MILYON TATLONG DAAN SIYAMNAPU'T DALAWANG LIBO, PITONG DAAN APATNAPU'T LIMANG PISO AT DALAWANG PUNG SENTIMOS (₱2,392,745.20) AT ITO AY KUKUNIN MULA SA BAHAGI NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA SINISINGIL NA "FISHPEN FEES" NG PANGASIWAAN NG PAGPAPAUNLAD NG LAWA NG LAGUNA (LAGUNA LAKE DEVELOPMENT AUTHORITY O LLDA)**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang paglalaan ng pananalapi para sa mga proyektong pangkabuhayan lalung-lalo na ang mga mangingisdang nasalanta ng bagyong "SALING" ay alinsunod sa mga tungkuling dapat gampanan ng pamahalaang bayan para sa pagbabagong tatag ng mga palakaya at kaunlaran ng mamamayan;

SAPAGKAT, ang pagsasagawa ng ganitong mabunga at makabuluhang pagkakaabalahan ay makakabawas sa suliranin ng kakulangan ng hanapbuhay;

SAPAGKAT, upang maipatupad ang proyektong ito ay mangangailangan ng puhunang tinatayang gugugol ng halagang isinasaad ng mga sumusunod :

Cost of one (1) Fish Corral (baklad)

A. Personal Services :

a. Mending/hanging (net) -₱2.00/m., for 140.5m. - - - ₱281.00
b. Setting (net) - ₱2.00/m for 140.5m - - - - - - - - 281.00
c. Trimming and polishing (bamboos) ₱2.00/bamboo for 140 bamboos - - - - - - - - - - 280.00
d. Setting (bamboos) ₱2.00@ for 140 bamboos - - - - - 280.00

B. Maintenance and other Operating Expenses :

a. Net - 140.5m x $\frac{400}{12}$ x 9 x 200 x 14 ft.(depth) @₱28.88 -4,057.64
b. Polyethelene rope - 3 rls.(200m.@) x No.8 @₱87.20 - 261.60
c. Spools of thread - one(1) @₱62.00 - - - - - - - - - 62.00
d. Cost of 140 bamboos @₱35.00 - - - - - - - - -4,900.00

C. Total Cost of one (1) Fish Corral (Baklad) - - - - - - ₱ 10,403.24

Grand Total :

₱10,403.24 x 230 beneficiaries . . . . . . . . ₱2,392,745.20

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na magkaroon ng proyektong pangkabuhayan na "Fish Corral" (Baklad) na may puhunang halaga na Sampung Lipo Apat na Raan at Tatlong Piso(₱10,403.00) sa mababaw na lugar ng Lawa ng Laguna na nasasakupan ng Bayan ng Muntinlupa at ang pagkakaloob nito sa may dalawang daan at tatlumpung (230) mga karapat-dapat na magbabaklad na magmumula sa iba't-ibang mga barangay at ang tinatayang kabuuang halaga na magagamit ang Dalawang Milyon Tatlong Daan Siyamnapu't Dalawang Libo Pitong Daan at Apatnapu't limang Piso at Dalawang Sentimo (₱2,392,745.20) at ito ay kukunin mula sa bahagi ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa sinisingil na "fishpen fees" ng Pangasiwaan ng Pagpapaunlad ng Lawa ng Laguna (Laguna Lake Development Authority o LLDA)

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang 78 pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-16 ng Oktubre, 1989.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal
(Hindi dumalo)

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

Kgg. VICENTE Y. CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

RRC:vts